

4742 Brooklyn Ave. Seattle, Washington,

Feb. 14, 1919.

Mrs Juliana Ylagan Orosa,

Pinakamamahaling Ina:

Hari na nga pong kayong lahat ay nasakapayapaan, mabubuti at masasaya sa pagtanggap ninyo nitong aking sulat. Ako po sa awa ng Dios ay nagaling naman at nagkasakit man po ako ay nagaling na ngayon. Ako po ay nakasakit ng tinatawag na INFLUENZA o trankaso diyan sa atin at tatlong lingo ako sa cama. Awa po naman ng Dios ay hindi ako nagkaroon ng ano mang complication sa baga o sa puso na karaniwang mangyari dine sa mga nagkasakit ng "flu" dahil sa kalamigan. Ako po naman ay nagaling na magaling na ngayon at nakapasok na oli at dito nga po ako sumusulat ngayon sa oficina. Bagama't po ako ay nagkasakit ay hindi naman ako totoong nangyayari at hindi din totoong manghina na katulad ng iba na mga isangbuan dao bago maalis ang pangangalag ng tuhod. Ako po ay hasicasong hasicase ng Doctor na gumamot sa akin ganon din ang University nurse na lagui akong ~~///~~ vinivisita makialawa maghapon. Ako po ay hindi bumabayad sa nurse sapagkat ito ay binabayaran ng University upang magiriba sa mga babaeng pumapasoc sa University na nagkasakit.

Inang: Tang-gapin po ninyo ang kalakip na MONEY ORDER na halagang WALONG DAAN at ~~///~~ LIMAPUNG DOLLARS?, o (\$ 850.00) o ISANGLIBO AT PITONG DAANG PESOS (PP I, 700.00) na pinagbilhan ko sa huli ninyong padalang mga bordados. Sauna ko pong sulat sa inyo ay sinasebi kong sa padala ninyong mga limang daang 500 gowns ay mahiguit na pitumpu ang may mancha na tila po nabasa sa vapor. Inang; kun ito po ay asegurado na kaparis ng inyong mga unang padala ay inyo po lamang ipakidala dine sa akin ang polisa upang ako ay makapag reklamo sa Casa de Seguro. Lalo pong nabute kun inyo ~~///~~ agad isusulat o ipasaalam sa akin sa madaling panahon upang maipagbale ko na agad ang mga manchadong ito, pagkatapos na maipakita sa Casa. Sa padala ko pong ~~///~~ I, 700 sa inyo ay nakikinabang na kayo ng P 200.00 ngunit

Y:AAA/

XV Kumusta po naman si Felina? ako po ay marami ng kasusulat sa kanya ngunit wala ako isa nang tinatang-gap na sulat buhat sa kanya. Tinang-gap po baga nia ang padala kong Zapatos para sa baile? Tuloy po baga ang kanyang pagsaal ng Dentistry? Diyan po baga sa atin ay may cholera pa? Mabilis po baga? Magingat po kayong mabute at kayo po lamang ay maingat ay hindi kayo nagkakasakit.

Inang: Ang mga sombreros po ay hindi pa nabibili ngunit may nagpetig sa akin ng isang docena na primera o yaong fino sa lahat. Kaya lamang may makukunan po kayo ng mga isang docenang fino yaong de a PP 7.00 ay padalhan po ninyo ako sa madaling panahon upang umabot sa summer time o sa taginet dine. Ang taginet po dine ay nagmumula sa mga buan ng Junio hang-gang mga Septiembre.

Ang pagbibilhan ko po sa ibang natitirang bordados ay ipadadala ko sa inyo sa lalong madaling panahon upang inyong pakinabangan agad ang cuarta. Ako po ay hawag na hawag ninyong a-alalahanin at mabuting mabuti ang tayo ko dine. Ako po ay mataba at malaking taba kay sa dati.

Susulat po kayo sa akin agad tungkol sa seguro nitong padala ninto sa aking luling mga bordados upang makapagrecibo agad agad ako sa casa. Ganon ding walang ibang nakapagbibigay kanyahan sa akin kundi ang tinatang-gap ng sulat nito sa inyo at tunay na mga kasamahan. Ako po ay tumang-gap ng sulat magmula sa kay ate AAngueng/Merino asawa ni ka Inte Lontoc at ibinalita po sa akin na kayo ay nagkita sa Maynila ganon din na wala dao nagkakasakit sa inyo ayon sa inyong pagkukumustahan.

Bago na po ako oli sumulat sa inyo at masaganang alaala sa inyo at sa inyong lahat diyan.

Ang nagmamahal at gumugulio ninyong anak na naghihintay ng vendicion sa lahat ng oras,

Maria Y. Cruz